# *Pagninilay sa Aklat ng Ruth Yugto 6*

Tayo ay magpapatuloy sa mensaheng ito sa ating nasimulan mula sa aklat ng Ruth.

Ang pag-asa sa Diyos pagkatapos ng pagsisisi ay nagbibigay sa ating ng tamang pag-iisip upang magisip ng mabutinhg saloobin at upang gumawa ng tamang hakbang sa buhay gaya ng ating babasahin dito, ***"At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko." (Ruth 2:2)*** Dito si Ruth ay nagpasyang magtrabaho; siya ay mapagkumbaba, siya ay hindi pilian, siya ay pumaroon at pinili ang trabaho na kaya niyang gawin at ang trabaho na magagamit. S parehon paraan kailangan mong maging masipag, magsumikap, magpakumbaba at hindi pilian sa buhay, upang pumaroon at gumawa sa gawain na alam mo at ang trabaho na magagamit.

Humingi si Ruth ng pahintulot mula sa kanyang biyenang babae. Humihingi ka ba ng pahintulot sa mga nakakatanda sa iyo na yumaon at at gumagawa ng ilang mga bagay? Naisip mo ba na si Ruth ay pupunta at magtatrabaho kung ang kanyang biyenang babae ay hindi siya pinahintulutan? Ito ay kung paano ang mga pagpapala ng Diyos ay ipagkakaloob sa iyo kung hindi mo sisirain ang mga alintuntunin, tumakas at tumawid sa mga hangganan na hindi mo dapat gawin. Bakit siya humingi ng pahintulot sa kanya? Sapagkat siya ay mas matanda, nalalaman niya ang mas mabuti sa buhay, at mas batid niya ang lugar.

Nagkusa si Ruth na magtrabaho. Siya ay may pananagutan sa kanyang saril a sa kanyang biyenang babae. Siya ay mapagkumbaba, at gusto niyang ibaluktot ang kanyang likod upang tiyakin ang pamumuhay niya at ng kanyang biyenan. Ang pagsisi ay hindi lamang pagtalikod mula sa ating mga kasalanan at managt sa mali nating ginawa, kundi upang may pananagutan upang tapusin ang ating mga tungkulin at mga responsibilidad. Siya ay responsable sa kanyang biyenang babae gaya ng sinasabi ng Salita ng Diyos upang alagaan ang mga balo, ***"3 Papurihan mo ang mga babaing bao na tunay na bao. 4Nguni't kung ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa paningin ng Dios. 16 Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao." (1 Timoteo 5:3-4,16)*** Si Ruth dito ay pinukaw ng Banal na Espiritu at kinuha ang pagkukusa upang magtrabaho upang maibsan ang kanyang sarili at ang kanyang biyenang babae. Patuloy na pinukaw ng Banal na Espiritu at nagkusa na humayo at gawin kung anong ipinapanguna Niya sa iyo upang gawin. Sa gayo'y ang iyong mga pangangailangan at ang mga kasama mo ay matugunan.
Batay sa kanyang pag-asa sa Diyos, pinili ni Ruth na tanggapin ang ibinigay ng Diyos sa kanya, ***"9 At pagka gagapas kayo ng mga uhay sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakagapasin ang mga sulok ng inyong bukid, ni huwag ninyong pamulutan ang inyong lupang ginapasan. 10At huwag ninyong sisimutin ang inyong ubasan, ni huwag ninyong pupulutin ang bungang nahulog sa inyong ubasan; sa dukha at sa taga ibang bayan, pababayaan ninyo: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 19:9-10) "At pagka inyong aanihin ang ani sa inyong lupain, ay huwag ninyong pakakaanihin ang mga sulok ng inyong bukid, ni pamulutan ang inyong naanihan: sa dukha at sa taga ibang lupa inyong ititira: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Levitico 23:22)*** Siya ay dukha at dayuhan at tinanggap upang pumaroon at hanapin ang kanyang pagkain kung saan ito inilagay ng Diyos. Matutunan din dito na magmalasakit sa mga dukha at nangangailangan at tulungan sila sa pagbibigay ng ilan sa iyong mga pagpapala na mapasa kanila. Ang ating mga kapasyahan na ginawa natin ay malinaw na ipinapakita kung tayo'y nagsisisi o hindi. Ipinakita ni Ruth ang kanyang pagsisisi at kababaang loob nang siya ay nagpasyang pumaroon at mamulot. Ang kanyang pasya ay ginawa batay sa Kasulatan, at siya'y nagtiwala sa Diyos na aakayin siya sa lugar na tatanggapin niya ang kanyang probisyon.

Hindi inisip ni Ruth na siya paparoon at hihiram ng salapi at mabubuhay sa trabaho ng iba. Hindi niya inisip na pumaroon at humiram ng salapi at magsimula ng negosyo. Ibinaba ni Ruth ang kanyang sarili at nagsimulang magtrabaho upang tanggapin ang tulong ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang

biyaya na makikita niya sa mga taong nakapaligid sa kanya. Ang kanyang biyenang babae ay sumang-ayong din sa kanya at hinayaan siyang pumaroon at magtrabaho.

Ibinaba Ruth ang kanyang sarili at kaya naman itinaas siya ng Panginoon sa tamang panahon. Iyon ang sinasabi ng Salita ng Diyos, ***"6 Kaya't kayo'y mangagpakababa sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios, upang kayo'y kaniyang itaas sa kapanahunan; 7Na inyong ilagak sa kaniya ang lahat ng inyong kabalisahan, sapagka't kayo'y ipinagmamalasakit niya." (1 Pedro 5:6-7)*** Kasalungat niyon, ay ang mga taong itinataas ang kanilang sarili, sa gayon ibaba sila ng Panginoon**.** ***"Sinasabi ko sa inyo, Nanaog at umuwi sa kaniyang bahay ang taong ito na inaaaringganap kay sa isa: sapagka't ang bawa't nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas." (Lucas 18:14)*** Si Ruth ay nagpakumbaba sa harap ng Diyos kaya naman itinaas siya ng Panginoon, gaya ng ating nabatid mula sa salaysay ang mabuting bagay na ginawa ng Panginoon sa kanya. Ang pareho sa iyo ngayon upang para mabuhay at tugunan ang iyong pangangailangan, kailangan mong magpakumbaba, huwag magisip ng mga bagay na mataas at magkaroon ng mga pangarap, kundi makuntento kung ano ang nandyan at ang kaya mong bilhin, sa gayon yumaon at magtrabaho sa alinmang trabahong kaya mo upang ang lahat ng iyong pangangailangan ay matugunan at ang Panginoon ang gagawa sa iyo ng mabubuting bagay.

***"At sinabi ni Ruth na Moabita kay Noemi, Paparoonin mo ako ngayon sa bukid, at mamulot ng mga uhay sa likuran niyaong aking kasumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniya, Yumaon ka, anak ko." (Ruth 2:2)*** Nang sumagot si Noemi kay Ruth, sinabi niya sa kanya, "***Yumaon ka, anak ko."*** Tingnan dito na si Noemi ay may anak na babae ngayon. Nawala sa kanya ang dalawa niyang anak na lalaki at ang kanyang asawa, ngunit ngayon siya'y may anak na babae. Kapag ibinaba natin ang ating sarili sa makapangyarihang kamay ng Diyos, at sinimulang sumunod sa Kanya, panunumbalikin Niya tayo at idadagdag Niya sa atin ang bago at mabubuting bagay sa ating buhay. Idadagdag Niya sa atin ang mabuti at kung ano ang sakdal.

***"At siya'y yumaon at naparoon, at namulot sa bukid sa likuran ng mga mangaani: at nagkataong dumating sa bahagi ng lupa na nauukol kay Booz, na sa angkan ni Elimelech." (Ruth 2:3)*** Ito ay naganap hindi sa pagkakataon na nakita niya ang kanyang sarili na namumulot sa bukid ni Boaz na kanyang kamag-anak, mula sa kamag-anak ni Elimelech. Bilang ipinakumbaba niya ng kanyang sarili sa harapan ng Diyos, nagkaroon ng pag-asa sa Kanya, nagtiwala sa Kanyang Salita, ang Panginoon ang nag-akay sa kanya sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu para makarating sa tamang lugar. Kapag mayrooong kababaang loob sa gayon mayroong karunungan at mayroong pagtataas. Kapag ang mga tao ay nagpakumbaba ang karunungan ng Diyos ay dadaloy sa pamamagitan nila at makikita sa kanilang mabungang gawa. ***"Sino ang marunong at matalino sa inyo? ipakita niya sa pamamagitan ng mabuting kabuhayan ang kaniyang mga gawa sa kaamuan ng karunungan." (Santiago 3:13)*** Ang kaamuan ay nag-aanyaya ng maraming mga pagpapala ng Diyos sa buhay ng mga tao, ***"Mapapalad ang maaamo: sapagka't mamanahin nila ang lupa." (Mateo 5:5)*** Ganon din kapag ang mga tao ay nagpakumbaba sila ay pinapatnubayan ng Banal na Espirity bilang mga anak ng Diyos, ***"Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios." (Roma 8:14)*** Ang patunay na tayo ay mga anak ng Diyos ay kapag tayo'y pinatnubayan ng Banal na Espiritu upang pumaroon sa ilang mga lugar, na walang alinlangan na tayo ay papangunahan ng Diyos upang lumipat sa ganoon.

***"At, narito, si Booz ay nanggaling sa Bethlehem, at nagsabi sa mga mangaani, Ang Panginoo'y sumainyo nawa. At sila'y sumagot sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoon." (Ruth 2:4)*** Narito si Boaz ay mula sa Bethlehem, possible na may ginagawa siyang ilang mga gawain at unawaan, ngunit ang gawain sa sakahan at bukid ay maayos. Ang gawain ay masagana at may mga taong nangangasiwa na kahalili niya sa paggawa ng gawain. Karapat-dapat na banggitin dito na si Boaz ay nanatili as Bethlehem noong panahon ng taggutom at ang kanyang bukirin ay umunlad.

***"At, narito, si Booz ay nanggaling sa Bethlehem, at nagsabi sa mga mangaani, Ang Panginoo'y sumainyo nawa. At sila'y sumagot sa kaniya, Pagpalain ka nawa ng Panginoon." (Ruth 2:4)*** Ang pagbati ni Boaz sa mga nag-aani, "***Ang Panginoo'y sumainyo nawa."*** ay hindi kinaugaliang salita kundi isang tunay na pag-anyaya sa lahat ng mga pagpapala ng Diyos sa kanilang buhay.

***"Ang Panginoo'y sumainyo nawa".*** ay upang tustusan ang ating pangangailangan, upang ipagtanggol tayo, upang pangunahan ka, upang pagalingin ka, upang gabayan ka, upang palakasin ka at alalayan ka sa lahat ng iyong mga gawain. Ang ating mga pagbati ay hindi dapat kinaugalian kundi pananalangin at tunay na kahilingan sa ating mga puso patungo sa ating mga binabati. Tumugon sila sa kanya ng parehong mga pagpapala ng Diyos. ***"Ang Panginoo'y sumainyo nawa".*** Kahit sa ating mga pagbati sa mga tao ating anyayahan ang Diyos sa ating kalagitnaan at dalhin ang Kanyang pagpapala at presyensa sa iba. Kapag binabati natin ang ang mga tao kailangan nating magkaroon ng mabuting kahilingan sa kanila, at iyon ang ating katapatan at ang ating dangal patungo sa mga tao na hinaharap natin.

***"Nang magkagayo'y sinabi ni Booz sa kaniyang lingkod na kaniyang katiwala sa mga mangaani, Sinong babae ito ?" (Ruth 2:5)*** Kaya dito makikita natin na si Boaz ay naglagay ng mga tao sa lahat ng mga nanggagapas upang pamahalaan ang gawain para sa ikabubuti ni Boaz. Gagawin niya ang lahat ng inaakala na gagawin ni Boaz sa bukid. Itinuturo sa atin ng Bibliya na may dapat isang taong namumuno sa pangkat ng mga manggagawa upang mamahala sa gawain at upang subaybayan ang pag-unlad nito, ang gawa ng bawat tao, at kung may mga hadlang o pagkaantala na kailangang harapin. Ang taong namamahala ay dapat bigyang ng ilang kapangyarihan upang maging maayos ang gawain at magkaroon ng pribiliheyo upang gumawa ng ilang desisyon tungkol sa simpleng bagay at makipag-ugnayan sa taong nasa itaas niya sa pagharap sa isang malaki at masalimuot na bagay.

***"Nang magkagayo'y sinabi ni Booz sa kaniyang lingkod na kaniyang katiwala sa mga mangaani, Sinong babae ito ?" (Ruth 2:5)*** Si Boaz ay mapagkilala para tuklasin ang bagong tao sa kanyang bukirin. Iyon ay pagpapakita na batid niyang mabuti ang nangyayari sa kanyang sakahan ng gawain. Batid niya ang kanyang mga manggagawa sapagkat nakilala niya kaagad ang bagong babae na nagtatrabaho. Paano ang isang may-ari na hindi kilala ang kanyang mga manggagawa at palaging itinatanong ang tungkol sa mga tao na matagal ng nagtatrabaho sa kanya at hindi niya batid ang mga ito.

Si Boaz ay nagtitiwala rin sa kanyang ginagawa bilang kaagad niyang tinanong ang tungkol sa bagong babaeng nagtatrabaho ? ***"Sinong babae ito ?"*** Tinanong niya ang alipin na nangangasiwa sa lahat ng nag-aani, at inaasahan niya mula sa kanya na ibibigay sa kanyang tugon. Kaya dito makikita natin ang protocol at ang kaayusan na nasa sakahan ni Boaz. Sa parehong paraan kailangan nating gawin ang ilang pagsasaayos upang magpatuloy ang gawain at ang ministerio at hindi hahadlangan kung tayo ay hindi pupunta sa iba't ibang dako para tapusin ang ibang gawain, ilagay sa ating isipan para panatilihin ang ilang mga taong namamala sa nangyayari sa ating kawalan, at dapat silang mag-ulat sa nangyayari sa ating pagkawala at dapat panatilihin ang kaayusan, dapat panatilihin ang ating tagubilin sa kanila, at ang kalakaran ng gawain na karaniwang nagaganap.

***"Sinong babae ito ?"*** Si Boaz ay mabilis na nagtanong tungkol sa babae, sa pagging alisto na siya ay ipinadala ng Diyos sa kanyang dako para sa ilang mga layunin. Ganon din ang kanyang tanong ay upang alamin kung ano ang layunin ng Diyos sa pagpapadala ng bagong babaeng ito sa kanyang dako. Pati ang tanong niya ay para malaman kung ano ang pananagutan niya na kailangan niyang gawin para sa babaeng ito ? Sa gayon, ngayon kailangan mong maging alisto na may layunin ang Diyos sa pagpapahintulot sa iyo upang makilala ang isang tao at dalhin siya sa iyong buhay; kailangan mong maging matalino tungkol diyan at kailangan mong maunawaan ang layuning iyon at kung ano ang gustong malaman at gawin ng Diyos mula sa iyo.

***"At ang lingkod na katiwala sa mga mangaani ay sumagot at nagsabi, Siya'y babaing Moabita na bumalik na kasama ni Noemi na mula sa lupain ng Moab:" (Ruth 2:6)*** Kaya ang sagot ng lingkod na iyon ay nagpakita na tapat siyang tagapangasiwa kay Boaz sa kanyang gawain. Ibinigay ang sakdal na sagot na nagbigay ng kagalingan sa kaluluwa at kasiyahan sa taong nagtanong. Ibinigay niya ang kasiya-siyang paglalarawan at mga detalye. Ibinigay ang niya ang lupain pinagmulan ng babae, sa pagiging Moabita kaugnay kay Noemi, at pangatlo siya ay bumalik kasama si Noemi sa pagbabalik sa Bethlehem at sa bayan ng Diyos. Kaya sinasabi niya sa kanya, ito ang babae, na bumalik mula sa pagsisisi; ang anak ni Noemi, na iniwan ang kanyang pamilya sa Moab at handa siyang yumaon upang mabuhay kasama natin. Sa parehong paraan, kailangan mong maging handa at handa na magbigay ng isang kasiya-siyang tugon na may sapat na mga detalye sa taong namamahala sa iyo,

dahil ikaw ay isang taong may pananagutan sa ilang mga tao na inilagay ng Diyos sa ilalim ng iyong pangangalaga.

***"At kaniyang sinabi, Isinasamo ko sa iyong pamulutin mo ako, at papagtipunin sa likuran ng mga mangaani sa gitna ng mga bigkis. Sa gayo'y naparoon siya at nagpatuloy, sa makatuwid baga'y mula sa umaga hanggang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang sangdali sa bahay." (Ruth 2:7)*** Higit na isinalarawan ng lingkod kung paano at bakit tinanggap niya siya upang gumawa sa bukirin. Humingi ng tulong at pahintulot si Ruth mula sa katiwalang iyon upang hayaang siyang mamulot at tipunin pagkatapos ng mga nag-aani. Kaya dito kailangan nating maunawaan na kailangan nating humingi ng pahintulot bago tayo pumunta sa alinmang lugar para magtrabaho. Kaya pinahintulutan siya na yumaon batay sa tagubilin ng Salita ng Diyos sa Levitico na hayaang ang mga dayuhan ay pumaroon at mamulot, Kaya dito kailangan nating maunawaan na anumang pahintulot na ibigay natin o anuman ang ating gagawin ay kailangang sumabay sa Kasulatan at kung ano ang idinikta sa atin ng Salita ng Diyos. Inilarawan pa niya ang kanyang kasipagan at kanyang pag-uugali nang kanya, ***"Sa gayo'y naparoon siya at nagpatuloy, sa makatuwid baga'y mula sa umaga hanggang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang sangdali sa bahay."*** Si Ruth ay masipag na manggagawa, pumaroon siya upang magtrabaho at kumita ng kanyang ikabubuhay, samakatuwid hindi niya inilaan ang kanyang panahon sa pakikipagusap at pakikipagtsismisan sa ibang mga babae, o ni magsayang ng oras upang mamaluktot at magpahinga habang siya ay nagtatrabaho. Marami sa mga nagtatrabaho nagsasayang ng oras sa pakikipag-usap, pagkain, pagtsitsismisan, paggamit ng cellphone, pagpunta sa banyo, paminsan-minsang pagdadahilan, pagsiyasat sa Facebook, atb. Sa parehong paraan kailangan mong magkaroon ng kamalayan tungkol sa oras; kailangan mong maging masigasig at panatilihin ang iyong oras at magtrabaho nang masigasig at magparami upang maiwasan ang pagsasayang ng oras sa mobile, tsismis, o sa pagiging mabagal sa trabaho.

*Tingnan dito ang mga katangian at pag-uugali ng mga manggagawa ay tinitingnang palagi at sinusuri at batay sa kanila ang ulat ay ibinibigay sa amo. *Maraming beses ang mga tao na may trabaho sila'y walang mga pagpapala sapagkat sila'y hindi tapat, hindi masipag sa paggawa at nagsasayang ng maraming oras sa trabaho. Dahil dito, sila rin ay magkukulang ng tulong mula sa kanilang amo at nakatataas, at kulang sa patataguyod mula sa Dios at mula sa tao. Ang masamang ulat na inihayag sa kanilang amo ay mawawalan sila ng pabor sa kanilang amo.

Ang lingkod ay nagbigay ng isang napakalinaw na ulat mula sa unang araw tungkol sa mabuting trabaho ni Ruth. Tiyak sa ganoong ulat, ang taong ito ay nag-uulat sa bawat taong nasa ilalim niya nang tiyak sa kanyang amo. Si Boaz. Ating mauunawaan mula sa salaysay ng Ruth dito, tama ba at tuwid para sa amo na malaman at maging may kamalayan kung ano ang nagyayari sa lugar na inilagay ng Diyos para sa kanya. Ang ilan sa kanila sinabi sa akin bakit kailangan mong malaman ang lahat? Ang parehong tanong, ''Bakit kinakailangang malaman ni Boaz ang lahat ng bagay?'' Sapagkat siya ay isang taong may pananagutan at kailangang may kamalayan sa nangyayari, kaya alam niya ang kanyang gagawin at gagawin niya ang kanyang bahagi.

***"8 Nang magkagayo'y sinabi ni Booz kay Ruth, Di mo ba naririnig, anak ko? Huwag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kundi manahan ka ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae.9 Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin? At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan." (Ruth 2:8-9)*** Sa mabuting ulat ng mga tagapangasiwa kay Ruth siya ay tumanggap siya ng pabor mula kay Boaz. Siya ay lubos na humanga sa kanya at sa kanyang tagumpay at binigyan siya ng tiyak na pagsang-ayon sa kanyang gawain sa kanyang larangan, sa pagbibigay sa kanya ng karagdagang tagubilin:

***1. Huwag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito:*** Inutusan niya na manatili at gumawa sa kanyang bukid at huwag pumaroon sa ibang bukid. Sinasabi niya sa kanya, na hindi niya kailangang umalis mula roon upang maghanap ng ibang trabaho. Sa parehong paraan matatanggap mo ang pabor at magiging matatag sa gawain na iyong ginagawa.

***2. kundi manahan ka ritong malapit sa piling ng aking mga alilang babae.*** Sinabi niya sa kanya na manatili at manahan kasama ng mga babae upang siya ay makasiguradong hindi siya magagalaw ng

mga mangagawang lalaki. Napakagandang patakaran sa bukirin ni Boaz na ang mga lalaki ay pinanatili sa kapwa lalaki at ang mga babae ay pinanatili sa kapwa babae. Ito ay mabuti na ingatan ang parehong patakaran na ang mga lalaki panatilihin kasama ng mga lalaki at ang mga babae ay mapanatili ng mga kapwa babae.

***3. Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila; di ba ibinilin ko sa mga bataan na huwag ka nilang gagalawin:*** Sinabi niya rin sa kanya kung paano mamulot, na sumunod sa mga nag-aani, na itanaw niya ang kanyang mga mata sa kanila, at kapag sila'y nag-ani na siya ay susunod upang mamulot. Tiniyak niya sa kanya na tinanggap niya ang kanyang pahintulot upang mamulot at hindi nila siya pagbabawalan, ganon din hindi nila siya gagalawin ng kahit sinong lalaki. Ito ay isang mahusay na disiplina habang ang gawain ay nangyayari sa anumang lugar, na ang mga lalaki ay hindi dapat humipo sa mga babae at ang mga babae ay hindi dapat humipo sa mga lalaki.

***4. At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan:*** Sinabi niya sa kanya na maari siyang uminom ng tubig kapag siya'y nauuhaw mula sa inigib ng mga lalaki mula sa balon. Kaya may isang balon sa bukid at ang gawain ng pagiigib, posibleng dahil ito ay mahirap na gawain na ibigay para sa mga kalalakihan upang gawin. Ito'y mabuting itinakda ang mahirap na gawain para sa mga kalalakihan sapagkat ang kanilang mga katawan at mas malakas kaysa mga babae.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Pagnilayan ang iyong narinig mula sa Salita ng Diyos, at simulang mong ipatupad sa iyong buhay, sa iyong lugar ng trabaho, sa buhay ng iyong pamilya, sa buhay ng mga taong kasama mo at sa iyong ministerio.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos, Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa iyong patuturo na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

*Talikuran ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan; ang iyong kamunduhan, ang iyong pagmamataas, ang iyong kawalan ng pagtatangi para sa mga taong nakakataas sa iyo at sa mga nakakatanda sa iyo at may higit na karanasan kaysa sa iyong buhay. Magsisi sa pagsasayang ng iyong panahon sa Media, Facebook, mga pagtsitsismisan, You Tube, atbp. Talikuran ang pagiging mayabang at pilian at pagiging tamad sa iyong trabaho.*

*Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa lahat ng iyong mga kasalanan. Panginoon patawarin ako at ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan________________________________________.*

*Panginoon ipinapangko ko ang aking sarili sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita sa mensaheng ito upang gawin at upang isagawa ito sa aking buhay, sa aking trabaho, at sa aking ministerio. Panginoon gagawin ko ang hiniling mo sa akin na gawin ko sa mensaheng ito. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili upang ipakita ang bunga ng Banal an Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kanihunan, pagpipigil sa sarili, pagtitiyaga, kaamuhan, kabutihan, mahabang pagtitiis, at lahat ng mga bunga na makikita ng iba si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili sa mensahe na kanilang tinanggap mula sa iyo. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu na pumaroon at isabuhay ang kanilang buhay para sa iyo gaya ng itinuro mo sa amin sa mensaheng ito.*

*Panginoon ako'y nanalangain na tulungan mo kami bilang isang simbahan; Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu upang kami'y makaparoon at makapagebanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad at matapos ang gawain na iyong itinalaga para sa amin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng*

*Diyo'. Panginoon tulungan kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.